For more information, please call/text us at: **0920-911-1398** or visit:
www.philrice.gov.ph | **www.pinoyrice.com**

Ano ang GOLDEN RICE

- Ang *Golden Rice* ay isang uri ng palay na nagtataglay ng *beta-carotene*. Ang *beta-carotene* ay nagiging bitamina A sa loob ng ating katawan. Ito rin ang nagbibigay ng dilaw o ginintuang kulay sa mga butil ng bigas kaya ito tinawag na *Golden Rice.*

Kapag mabibigyan ng sapat na dami ng bitamina A ang mga bata, maaaring mabawasan ng halos 35% ang pangkalahatang dami ng namamatay.

Ayon sa Food and Nutrition Research Institute (FNRI), may 15.2% o 1.7 milyong batang Pilipino mula 6 na buwan hanggang 5 taong gulang; at humigit kumulang 500,000 (15.9%) na mga nagdadalangtao at nagpapasusong ina ang may kakulangan sa bitamina A.

Kakulangan sa *Vitamin A*

- Ang *vitamin A deficiency* ay kakulangan sa *micronutrient* na karaniwang nakaaapekto sa mga bata at buntis o nagpapasusong ina sa mga mahihirap na bansa.

  Ang *vitamin A deficiency* ay nagpapahina sa resistensiya ng ating katawan upang labanan ang iba't ibang uri ng impeksiyon.

- Ang VAD ay maaaring maging sanhi ng pagtaas ng bilang ng mga namamatay mula sa mga karaniwang sakit, lalo na sa mga bata.

- Nagiging sanhi rin ng panlalabo ng paningin. Kung hindi ito maaagapan ay maaari itong maging dahilan ng pagkabulag.

Pinaghalawan: Q&A on Golden Rice, No. 21, PhilRice.

PHILRICE

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice